JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Masunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhawahanon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligon

DECEMBER
Maalampuon

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

# 3

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# MUSIC

## Ikatlong Markahan – Modyul 2: Dynamics



Pangalan ng Mag-aaral: ______________________________

Baitang at Seksyon: ________________________________

Paaralan: ________________________________



# Alamin

Ang **Dynamics** ay ang pagbibigay buhay sa musika. Maipapakita ito sa pamamagitan ng galaw ng ating katawan. Ang bahagyang paggalaw ay maihahalin tulad sa mahinang tunog at malakas na tunog kapag malaking paggalaw. Maaari ring maiugnay ito sa galaw ng mga hayop.

Sa modyul na ito, inaasahan na nakakamit mo ang mga sumusunod na layunin:

A.Nakikilala o nasasabi ng malakas,katamtaman,at mahinang tunog sa musika;**(MU3DY-IIId-2)**

B.Nakatutugon mula sa iba't-ibang kilos ayon sa lakas at hina ng tunog ng musika; **(MU3DY-IIIe-h-5)** at

C.Nailalapat ang iba't-ibang dynamiko upang lalong mapahusay ang pang unawa/kaalaman patungkol sa panulaan,chants, awit,at iba pang kwentong pang-musika. **(MU3DY-IIIf-h-6)**



# Subukin

**Panuto:** Awitin ang kantang "Pilipinas kong Mahal". Isulat sa sagutang papel ang angkop na dynamiko sa awitin. (maliit na **m**-Mahina, malaking **M**, kung-Malakas at **K** kung-Katamtaman)

" Pilipinas Kong Mahal"

1. Ang bayan ko'y tanging ikaw
   Pilipinas kong mahal
   Ang puso ko at buhay man
   Sa iyo'y ibibigay
2. Tungkulin kong gagampanan
   na lagi kang paglingkuran
3. Ang laya mo'y babantayan
4. Pilipinas kong hirang.



# Balikan

**Panuto**: Pag-aralan at sagutin ang bawat pahayag at mga tanong. Isulat ito sa sagutang papel.

1. Ang ___________ ay isang elemento ng musika na tumutukoy sa tinig/boses ng tao at tunog ng instrumentong pangmusika.
2. Ito ay may iba't ibang pinanggalingan na likha ng tao, hayop, kalikasan, bagay, at instrumentong pangmusika. Ano ang tawag dito?
3. Ito ay instrumentong pangmusika na may tunog na ding-dong-ding. Ano ito?
4. Ang tututut ay tumutukoy sa instrumentong pang musika na ________.



# Tuklasin

**Panuto**: Lagyan ng karampatang **dynamics** ang pagbasa ng tula.

**Ang Tunog at Galaw ng Iba,t-ibang uri ng Hayop**

**Ni:Dara Gay S. Feliciano**

**(mahina)**

Tweet tweet tweet ibong maliit
Nagbibigay aliw sa batang mabait
Sila'y ibong maliit,Maya at Pipit
Lilipad lipad sa himpapawid.

**(katamtaman)**

Ako ay si Muning,isang magandang kuting
mahinhin at malambing sa batang masunurin
meow meow meow ang aking sigaw
bubuwit na maliit di na makakalapit.

**(Malakas)**

Maaa maa maaa tunog ni kalabaw
Masipag gumalaw sa bundok araw- araw
Sa pagsikat ng araw sa bukid niyo'y matatanaw
Masipag na hayop na isang kalabaw.



# Suriin

Ang **Dynamics** ay isa sa mga elementong nagbibigay buhay sa musika na nauukol sa lakas at hina ng tunog. Nagbibigay laya ito sa pagbibigay kahulugan sa musika kung mahina, katamtaman o malakas. Maiuugnay ito sa galaw ng tao, hayop at kalikasan.

Ito ay isa sa mga nagpapahiwatig na elemento ng musika na tumatalakay sa lambot at lakas ng tunog. Nakakatulong ito sa pagpapahayag ng damdamin. Bukod dito, ito ay mas makahulugan kung inilapat sa isang kanta gamit ang kamay at kilos.



## Pagyamanin

**Panuto**: Lagyan ng tsek(√) sa angkop na dynamiko ang mga sumusunod na tunog.

| Mga tunog | Mahina | Malakas | Katamtaman |
|---|---|---|---|
| Huni ng ibon | | | |
| Sigaw ng leon | | | |
| Hampas ng hangin | | | |
| Meow ng pusa | | | |
| Busina ng dyip | | | |



## Isaisip

**Panuto**: Bilugan ang tamang sagot sa loob ng panaklong.

1. Lakad ng pagong ( mahina, katamtaman, malakas)
2. Huni ng ibon (mahina ,katamtaman,malakas)
3. Sigaw ng guro(mahina,katamtaman,malakas)
4. Sirena ng bumbero (mahina,katamtaman,malakas)
5. Tunog ng orasan (mahina,katamtaman,malakas)



# Isagawa

**Panuto**: Awitin at gayahin ang kilos ng gagamba habang umaawit. (Ayon sa tono ng awiting Eensy Weensy Spider )

**Maliit na Gagamba**

Ang maliit na gagamba
Umakyat sa sanga
Dumating ang ulan,
Naanod siya

Sumikat ang araw
Natuyo ang lupa
Ang maliit na gagamba
Bumalik sa sanga.



# Tayahin

**Panuto**: Ipagdugtong ang mga tunog dynamiko sa mga salitang nakakahon.

**Mahina** **Katamtaman** **Malakas**

Yapak ng bata

bulong ni inay

Tunog ng tambol

Kalembang ng kampana

huni ng ibon



# Karagdagang Gawain

**Panuto**: Gayahin ang tunog ng mga sumusunod na hayop ng may wastong dynamiko. Pagkatapos ng gawain, sumulat ng maikling reflection tungkol sa iyong ginawa.

1. aso
2. pusa
3. ibon

***Reflection***:

______________________________________________________________

______________________________________________________________

______________________________________________________________

___________________________________________________.



## ***Sanggunian***

Aklat


- Kagawaran ng Edukasyon, *Music,Art,Physical Education and Health. Kagamitan ng Mag-aaral (Tagalog),* Unang Edisyon 2014, pp 71-83

# Susi sa Pagwawasto

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** **Dara Gay S. Feliciano**
**Jenefer J. Cruz**
**Jennifer G. Siose**
**Editor:** **Dara Gay S. Feliciano**
**Tagasuri:**
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:**
**Tagapamahala:** Julieto H. Fernandez, Ed. D., CESO VI
SDS-Isabela City
Maria Laarni T. Villanueva, Ed. D., CESE
ASDS-Isabela City
Henry R. Tura, CID Chief
Elsa A. Usman, EPS, LR Supervisor
Jani P. Ismael, EPS-MAPEH, Module Coordinator

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our…
Eden...
Land...